

## Pantulong na Teknolohiya

### Pangkalahatang-ideya

Maaaring gawing mas madali ng Pantulong na Teknolohiya ang buhay, pataasin ang awtonomiya at kalayaan at hikayatin ang mga indibidwal na mamuhay sa buhay na gusto nila.

Ang Pantulong na Teknolohiya ay mga item, kagamitan, device o sistema na ginagamit upang tulungan ang isang tao na mamuhay ng mas independenteng buhay. Maaaring kabilang dito ang mga item gaya ng mga tablet, application ng komunikasyon, switch, voice-activated smart speaker at mga smart plug para i-on o i-off ang appliance, at mga adaptive utensil para tumulong sa mga aktibidad gaya ng pagkain, pagbibihis, at pagsusulat. Kasama rin sa Pantulong na Teknolohiya ang tulong sa pag-aaral na gamitin ang device at teknikal na suporta kung kinakailangan.

### Mga Kinakailangan sa pagiging Karapat-dapat

Dapat na natukoy ang mga tatanggap na isang karapat-dapat na kliyente ng Department of Social and Health Services' Developmental Disabilities Administration (Pangangasiwa ng Mga Kapansanan sa Pag-unlad ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan) at nakatala sa alinman sa mga programang ito ng DDA:

- Unang Pagpipilian ng Komunidad.
- Mga Serbisyong Nakabatay sa Tahanan at Komunidad 1915c Waiver.
- Pre-Admission Screening at Pagsusuri ng Residente.
- Mga Daan sa mga Grant sa Pamumuhay sa Komunidad.



### Awtoridad

Pederal na pagpopondo sa ilalim ng seksyon 1915c ng Social Security Act, Mga Waiver sa Mga Serbisyong Nakabatay sa Tahanan at Komunidad at pagpopondo ng estado.

**Kabanata 388-845 WAC**, DDA Mga Waiver sa Mga Serbisyong Nakabatay sa Tahanan at Komunidad.

**Kabanata 388-845-0415 WAC**, Ano ang pantulong na teknolohiya?

**Kabanata 388-845-0420 WAC**, Sino ang maaaring maging isang kwalipikadong tagapagbigay ng pantulong na teknolohiya?

**Kabanata 388-845-0425 WAC**, Mayroon bang mga limitasyon sa pantulong na teknolohiya na maaari mong matanggap?

**Kabanata 388-106 WAC**, Mga Serbisyo sa Pangmatagalang Pangangalaga.

**Kabanata 388-106-0270 WAC**, Anong mga serbisyo ang makukuha sa ilalim ng unang pagpipilian ng komunidad?

**Kabanata 388-106-0273 WAC**, Maaari ba akong makatanggap ng karagdang mga personal na serbisyo sa pagtugon sa emergency?

**Kabanata 388-106-0274 WAC**, Mayroon bang mga limitasyon sa pantulong na teknolohiya na maaari kong matanggap?



Washington State  
Department of Social  
& Health Services

Transforming lives

## Badyet

Bago ang pandemya ng COVID-19, ang Pantulong na Teknolohiya ay magagamit lamang sa dalawa sa aming limang waiver. Pinalawak namin ang kakayahang magamit sa lahat ng mga waiver sa pamamagitan ng mga flexibility ng Appendix K. Noong Setyembre 2022, permanenteng idinagdag ang Pantulong na Teknolohiya sa lahat ng limang waiver.

## Mga Rate

Tumatanggap ang mga kalahok ng hanggang \$550 bawat taon para sa Pagsasanay sa Pagkuha ng mga Kasanayan o Pantulong na Teknolohiya.

## Pangangasiwa

### External

- Washington State Department of Health.  
(Departamento ng Kalusugan sa Estado ng Washington.)
- Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid.

### Internal

- DDA Office of Compliance, Monitoring and Training.  
(Opisina ng Pagsunod, Pagsubaybay at Pagsasanay ng DDA.)
- DDA Office of Quality Programs and Services.  
(Opisina ng Kalidad na mga Programa at Serbisyo ng DDA.)



Makipag-ugnayan: **Peggy Dotson**, Tagapamahala ng Programang Pantulong sa Teknolohiya • [Peggy.Dotson@dshs.wa.gov](mailto:Peggy.Dotson@dshs.wa.gov) • 360-688-6996

DDA website: <https://www.dshs.wa.gov/dda/>

**Washington State Department of Social and Health Services**  
(Departamento ng Mga Serbisiyong Panlipunan at Pangkalusugan sa Estado ng Washington.)